

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 1 sa 19

1.0 Pahayag ng Patakarang.

Nakatuon ang Kaiser Foundation Health Plan of Northwest (KFHPNW) sa pagbibigay ng mga programang sumusuporta sa access sa pangangalaga ng ngipin para sa mga taong may mababang kita. Kasama sa pangakong ito ang pagbibigay ng tulong pinansyal sa ngipin sa mga kwalipikadong pasyenteng maliit ang kinikita na walang insurance at hindi sapat ang insurance, kapag hadlang ang kakayahang magbayad upang maka-access sa pang-emergency at kinakailangang pangangalaga ng ngipin.

2.0 Layunin.

Inilalarawan ng patakarang ito ang mga kinakailangan upang maging kwalipikado at makatanggap ng tulong pinansyal sa ngipin para sa mga pang-emergency at kinakailangang serbisyo sa ngipin sa pamamagitan ng programang Tulong Pinansyal sa Ngipin (Dental Financial Assistance, DFA). Kabilang sa programang DFA ang pangkawanggawang pangangalaga ng ngipin (buo) at may diskwentong tulong sa pangangalaga ng ngipin (hindi buo).

3.0 Saklaw.

Naaangkop ang patakarang ito sa mga empleyadong nagtatrabaho para sa o may kontrata sa mga sumusunod na entity at subsidiary ng mga ito (tinatawag na "KFHPNW", kapag magkakasama):

- Kaiser Foundation Health Plan of the Northwest (KFHPNW); at
- Permanente Dental Associates, P.C. (PDA)

4.0 Mga Kahulugan.

Tingnan ang *Appendix A – Glossary ng Mga Salita*.

5.0 Mga Probisyon.

Pinapanatili ng KFHPNW ang programang DFA para mabawasan ang mga pinansyal na hadlang para makatanggap ng pang-emergency at kinakailangang serbisyo sa ngipin ng mga kwalipikadong pasyente, anuman ang kanilang edad, kapansanan, kasarian, lahi, kinabibilangang relihiyon o katayuan bilang imigrante, sekswal na oryentasyon, pinagmulang bansa, at kung may coverage sa ngipin ang pasyente.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 2 sa 19

5.1 Mga Serbisyon Kwalipikado at Hindi Kwalipikado sa Ilalim ng Patakaran ng DFA.

5.1.1 Mga Kwalipikadong Serbisyo sa Ngipin.

Maaaring gamitin ang DFA sa ilang partikular na kinakailangang serbisyo sa ngipin na ibinibigay sa mga pasilidad ng KFHPNW o ng mga provider para sa ngipin ng KP. Tandaan: Sakop sa ilalim ng programang Pangmedikal na Tulong Pinansyal (Medical Financial Assistance, MFA) ng KP ang tulong para sa pagbabayad sa gastos sa mga pang-emergency at medikal na kinakailangang serbisyo sa ospital at hindi sa ospital, reseta (kabilang ang mga reseta sa ngipin na isinulat ng mga provider ng KP) at supply ng parmasya. Tingnan ang www.kp.org/help/paybills (sa Ingles).

5.1.2 Mga Hindi Kwalipikadong Serbisyo sa Ngipin.

Hindi gagamitin ang DFA sa mga serbisyo sa ngipin na hindi itinuturing na pang-emergency o kinakailangan ayon sa pagpapasya ng provider para sa ngipin ng KP.

5.1.2.1 Mga Serbisyo sa Ngipin na Ibinibigay sa Labas ng Mga Pasilidad ng KFHPNW.

Naaangkop lang ang patakaran ng DFA sa mga serbisyon ibinibigay sa mga pasilidad ng KFHPNW, o ng mga provider para sa ngipin ng KFHPNW. Kahit na magkaroon ng referral mula sa provider para sa ngipin ng KFHPNW, hindi kwalipikado para sa DFA ang lahat ng iba pang serbisyo.

5.2 Impormasyon Tungkol sa Programa at Pag-apply para sa DFA.

Available nang libre sa electronic na format o hard copy ang impormasyon tungkol sa programang DFA, kabilang ang mga kopya ng patakaran, application form, mga instruksyon, at buod ng patakaran. Maaaring mag-apply ang mga pasyente para sa DFA

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 3 sa 19

bago ang o hanggang 12 buwan pagkatapos ng kanilang pangangalaga. Kabilang sa mga pinagkukunan ng impormasyon tungkol sa programa at mga paraan para mag-apply para sa DFA ang:

a. **Online.**

Matitingnan at mada-download ng mga pasyente ang mga electronic na kopya ng impormasyon tungkol sa programa mula sa website ng DFA sa website at kp.org/dfa (sa Ingles).

b. **Sa Personal.**

Available ang impormasyon tungkol sa programa at maihahatid ang mga nakumpletong application nang personal sa anumang dental office ng KP.

c. **Sa pamamagitan ng Telepono.**

Magagawa ng mga tagapayo na magbigay ng impormasyon, alamin ang pagiging kwalipikado sa DFA, at tulungan ang mga pasyenteng mag-apply para sa DFA. Tumawag sa:

1-503-813-2000, o 1-800-813-2000, o TTY: 711

d. **Sa pamamagitan ng Koreo.**

Magagawa ng mga pasyente na humingi ng impormasyon at mag-apply para sa DFA sa pamamagitan ng pagpapadala sa koreo ng kumpletong aplikasyon sa:

Kaiser Permanente DFA Program
500 NE Multnomah Street, Suite 100
Portland, Oregon 97232
Attn: Financial Counseling Department

e. **Sa pamamagitan ng Fax.**

Maaaring i-fax ang mga nakumpletong application sa 1-877-829-3547.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 4 sa 19

5.3 Impormasyong Kailangan para Makapag-apply para sa DFA.

Kailangan ng kumpletong personal, pinansyal, at iba pang impormasyon upang masuri ang pinansyal na katayuan ng isang pasyente upang malaman kung kwalipikado siya para sa programang DFA. Sinusuri ang pinansyal na katayuan ng isang pasyente tuwing nag-a-apply siya para sa tulong.

5.3.1 Pagbibigay ng Pinansyal na Impormasyon.

Dapat isama ng mga pasyente ang laki ng sambahayan at impormasyon ng kita sa kanilang aplikasyon sa DFA. Gayunpaman, opsyonal ang pagpapadala ng mga dokumento ng kita maliban kung partikular na hihingin ng KP ang mga ito.

5.3.1.1 Pagberipika ng Pinansyal na Katayuan nang walang Dokumentasyon ng Kita.

Kung hindi magbibigay ang isang pasyente ng mga dokumento ng kita, susuriin ang kanyang pinansyal na sitwasyon gamit ang iba pang pinagkukunan. Kung hindi makukumpirma ng mga pinagkukunang ito ang kanyang pinansyal na sitwasyon, maaaaring hilingin sa pasyente na ibigay ang kanyang mga kamakailang pay stub o tax return. Maaaari ding magpadala ang pasyente ng iba pang dokumento sa kita na binanggit sa application sa programang DFA. Kung maaaprubahan ang pasyente para sa DFA, makakatanggap siya ng nakasulat na abiso at maaari niyang piliing tanggihan ang DFA o magbigay ng mga dokumento ng kita para humingi ng higit pang tulong.

5.3.1.2 Pagberipika ng Pinansyal na Katayuan nang may Dokumentasyon ng Kita.

Kung magbibigay ang isang pasyente ng mga dokumento ng kita, ibabatay sa ibinigay na impormasyon ang kanyang pinansyal na katayuan.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 5 sa 19

Hindi gagamitin para sa mga aktibidad ng pagkolekta ang dokumentasyon ng kita na isinumite ng mga pasyente para sa mga pagtukoy ng pagiging kwalipikado sa DFA.

5.3.2 Pagbibigay ng Kumpletong Impormasyon.

Tutukuyin ang pagiging kwalipikado sa DFA kapag natanggap na ang lahat ng personal, pinansyal, at iba pang impormasyon. Kung hindi ipapadala ng isang pasyente ang lahat ng kailangang impormasyon, ipapaalam ito sa kanya sa personal, sa pamamagitan ng koreo, o sa pamamagitan ng telepono. May 30 araw ang pasyente para ipadala ang kulang na impormasyon mula sa petsa kung kailan ito ipinaalam sa kanya. Maaaring tanggiin ang DFA kung kulang ang impormasyon.

5.3.3 Wala ang Hiniling na Impormasyon.

Kung wala sa pasyente ang impormasyong hiningi sa application sa programa, maaari siyang makipag-ugnayan sa KFHP/H para pag-usapan ang iba pang impormasyong magagamit niya upang ipakitang kwalipikado siya.

5.3.4 Walang Available na Impormasyon ng Kita.

Magagawa ng isang pasyente na magbigay ng pangunahing pinansyal na impormasyon (tulad ng kita at kung saan ito nanggagaling) at ipaliwanag ang kanyang pinansyal na sitwasyon kung:

- Hindi masusuri ang kanyang pinansyal na sitwasyon gamit ang iba pang pinagkukunan.
- Hindi available ang hininging impormasyon ng kita.
- Walang ibang dokumento ang makakapagpakitang kwalipikado siya.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 6 sa 19

Kailangan ng pangunahing pinansyal na impormasyon kung ang pasyente ay

- Walang matirhan o tumatanggap ng pangangalaga mula sa isang klinika para sa mga walang matirhan.
- Walang kita, hindi nakakatanggap ng pormal na pay stub mula sa kanyang trabaho (maliban kung self-employed), nakakatanggap ng mga regalong pera, o hindi kinakailangang magsumite ng mga buwis sa nakalipas na taon.

5.3.5 Pakikipagtulungan ng Pasyente.

Kailangang gawin ng pasyente ang kanyang makakaya upang maibigay ang lahat ng hinihinging impormasyon. Kung hindi niya ibibigay kung ano ang hinihingi, maaari pa ring suriin ang kanyang sitwasyon upang pagpasyahan kung kwalipikado siya.

5.4 Paunang Kwalipikado.

Itinuturing na paunang kwalipikado ang pasyente at makakatanggap siya ng DFA para sa lahat ng kwalipikadong serbisyo kung natutugunan niya ang alinman sa mga sumusunod na kondisyon:

- Nakatala sa o malamang na kwalipikado para sa programa sa coverage sa kasalukugan ng pamahalaan tulad ng Medicaid, Medicare Low Income Subsidy Program (LIS), o naka-subsidize na coverage mula sa Health Benefit Exchange.
- Nakatala sa isang pampublikong programa ng tulong ng pamahalaan tulad ng mga programa para sa Mga Babae, Sanggol, at Bata, programa para sa Karagdagang Nutrisyon at Tulong, programa para sa tulong sa kuryente ng sambahayang mababa ang kita, o programa para sa libre/mas murang tanghalian.
- Nakatira sa pabahay para sa mababa ang kita o naka-subsidize.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 7 sa 19

5.5 Mga Pamantayan sa Pagiging Kwalipikado sa Programa.

Kwalipikado para sa DFA ang isang pasyenteng may kabuuang kita ng sambahayan na mas mababa o katumbas ng 400% ng Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines, FPG). Hindi isinasaalang-alang ang mga ari-arian bilang kita.

5.5.1 Laki at Kita ng Sambahayan.

Naaangkop ang mga kinakailangang kita sa mga miyembro ng sambahayan. Ang pamilya o sambahayan ng pasyente ay:

- Para sa mga taong 18 taong gulang at pataas, asawa, kinakasama at mga umaasang anak na wala pang 21 taong gulang, o anumang edad kung may kapansanan, nakatira man sa bahay o hindi. Gayunpaman, para sa mga taong 18 hanggang 20 taong gulang, kasama rin sa mga miyembro ng pamilya ang magulang, mga kamag-anak na tagapag-alaga, at mga magulang o iba pang umaasang anak ng mga kamag-anak na tagapag-alaga na wala pang 21 taong gulang o anumang edad kung may kapansanan.
- Para sa mga taong wala pang 18 taong gulang, magulang, mga kamag-anak na tagapag-alaga, at iba pang bata na wala pang 21 taong gulang o anumang edad kung may kapansanan.

5.5.2 Iskedyul ng Diskwento.

Ang isang pasyenteng nakakatugon sa mga kinakailangan sa pagiging kwalipikado ay makakatanggap ng sliding scale na diskwento sa kanilang mga gastos para sa mga kwalipikadong serbisyo sa ngipin sa KP. Nakabatay ang halaga ng diskwento ng DFA kung saan napapailalim ang kita ng sambahayan ng pasyente sa mga alituntunin ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FPL):

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 8 sa 19

Mga Porsyento ng Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan			Diskwento sa Tulong Pinansyal
Mula		Hanggang	
0%	-	200%	100% Diskwento (Buo)
201%	-	300%	75% Diskwento (Hindi buo)
301%	-	350%	50% Diskwento (Hindi buo)
351%	-	400%	25% Diskwento (Hindi buo)

Kung inaprubahan ang isang pasyente para sa hindi buong DFA, kinakailangang bayaran nang buo ang natitirang balanse o may opsyon ang pasyente na mag-set up ng plano sa pagbabayad na walang interes.

5.6 Mga Pagtangga at Pag-Apela

5.6.1 Mga Pagtangga.

Kung mag-a-apply ang isang pasyente para sa programang DFA at hindi niya natutugunan ang mga pamantayan sa pagiging kwalipikado, ipapaalam sa kanya sa pamamagitan ng sulat na tinanggihan ang kahilingan niya.

5.6.2 Paano Iapela ang Pagkakatanggi sa DFA.

Ang mga pasyenteng tinanggihan sa DFA o naniniwalang kwalipikado sila sa higit pang tulong ay maaaring iapela ang pasya. Dapat mag-apela ang mga pasyente kung:

- Hindi pa sila nagbigay ng dokumentasyon ng kita dati, o
- Nagbago ang kita ng kanilang sambahayan.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 9 sa 19

Nasa mga sulat ng pagtanggap at pag-apruba sa DFA at website ng DFA ang mga instruksyon para sa pag-apela. Sinusuri ang mga apela ng VP, Central Patient Access at Balance Collections. Sasabihan ang mga pasyente sa sulat tungkol sa resulta ng kanilang apela. Pinal ang lahat ng pasya sa apela.

5.7 Istruktura ng Gawad.

Ginagamit ang diskwento sa DFA sa mga hindi pa bayad na singil para sa mga kwalipikadong serbisyo sa ngipin ng KP mula sa petsang ibinigay sa sulat ng gawad hanggang sa panahon ng pagiging kwalipikado na itinalaga ng KP (tingnan ang seksyon 5.7.2 Panahon ng Pagiging Kwalipikado sa Paggawad). Bilang paggalang, gagamitin din ang DFA sa mga hindi pa bayad na singil para sa mga kwalipikadong serbisyo sa ngipin ng KP na natanggap sa loob ng 12 buwan bago ang petsa na naaprubahan ang pasyente para sa DFA.

5.7.1 Batayan ng Gawad.

Ginagamit ang diskwento sa DFA sa mga gastos ng pasyente batay sa kung may coverage sa pangangalaga ng ngipin ang pasyente at sa kita ng kanyang sambahayan.

5.7.1.1 Kwalipikadong Pasyente na walang Coverage sa Pangangalaga ng Ngipin (Walang Insurance).

Makakatanggap ang kwalipikadong pasyenteng walang insurance ng DFA sa gastos ng pasyente sa lahat ng kwalipikadong serbisyo pagkatapos ng lahat ng naaangkop na diskwento.

5.7.1.2 Kwalipikadong Pasyente na may Coverage sa Pangangalaga ng Ngipin (May Insurance).

Makakatanggap ang kwalipikadong pasyenteng may insurance ng DFA sa gastos ng pasyente para sa lahat ng kwalipikadong serbisyo. Kailangan nilang magbigay ng mga dokumento tulad ng

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 10 sa 19

Paliwanag ng Mga Benepisyo (Explanation of Benefits, EOB) para ipakita kung ano ang hindi sinakop ng insurance. Dapat din silang mag-apela ng anumang tinanggihang claim sa kanilang insurance at magbigay ng patunay ng pagtanggi.

5.7.1.2.1 Mga Bayad na Natatanggap mula sa Carrier ng Insurance.

Dapat ibigay ng mga kwalipikadong pasyenteng may insurance sa KFHP/H ang anumang bayad na matatanggap nila mula sa kanilang insurance para sa mga serbisyong ibinibigay ng KFHP/H.

5.7.1.3 Mga Reimbursement mula sa Mga Pakikipag-areglo.

Pinupursigi ng KFHPNW ang reimbursement mula sa mga pakikipag-areglo sa pananagutan ng third party / proteksyon ng personal na insurance, mga tagabayad o iba pang legal na responsableng partido, kung naaangkop.

5.7.2 Panahon ng Pagiging Kwalipikado sa Paggawad.

Nagsisimula ang panahon ng pagiging kwalipikado sa DFA mula sa petsang ibinigay sa sulat ng paggawad at nagtatagal ito nang hanggang 180 araw para sa mga kwalipikadong follow-up na serbisyo.

5.7.3 Binawi o Binagong Gawad.

Magagawa ng KFHPNW na bawiin, o baguhin ang isang gawad na DFA, sa ilang partikular na sitwasyon, batay sa pagpapasya nito. Kasama sa mga sitwasyon ang mga sumusunod:

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 11 sa 19

5.7.3.1 Panloloko, Pagnanakaw, o Mga Pagbabagong Pinansyal.

Kaso ng panloloko, maling representasyon, pagnanakaw, mga pagbabago sa pinansyal na katayuan ng isang pasyente, o iba pang sitwasyong sumisira sa integridad ng programang DFA.

5.7.3.2 May Natukoy na Iba Pang Pinagkukunan ng Pagbabayad.

Ang coverage sa ngipin o iba pang pinagkukunan ng pagbabayad na natukoy pagkatapos makatanggap ang isang pasyente ng gawad na DFA ay magiging dahilan para singilin ulit nang retroactive ang mga singil para sa mga kwalipikadong serbisyo. Kung mangyayari ito, hindi sisingilin ang pasyente para sa bahaging iyon ng bayarin (1) na personal na responsibilidad ng pasyente at (2) na hindi nabayaran ng kanyang coverage sa ngipin o iba pang pinagkukunan ng pagbabayad.

5.7.3.3 Pagbabago sa Kita ng Sambahayan.

Hihilingin sa isang pasyenteng nakakaranas ng pagbabago sa kita ng sambahayan na mag-apply ulit sa programang DFA.

5.8 Mga Pagkilos Kaugnay ng Paniningil

5.8.1 Pagkolekta ng Mga Hindi Bayad na Singil para sa Mga Serbisyo sa Ngipin ng KP.

Dapat bayaran ang mga hindi pa bayad na singil para sa mga serbisyo sa ngipin ng KP sa loob ng 30 araw mula noong matanggap ang unang pagsingil mula sa KP. Para mapigilan ang higit pang aktibidad ng pagkolekta:

- Dapat matanggap at iproseso ang buong bayad.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 12 sa 19

- Ang application sa DFA ay naisumite na at umuusad o naaprubahan na ang DFA.
- May nabuo nang plano ng pagbabayad at maganda ang katayuan nito.

5.8.2 Mga Makatwirang Pagsisikap na Magbigay ng Abiso.

Gumagawa ng mga makatwirang pagsisikap ang KFHPNW o ang ahensyang naniningil ng utang sa ngalan nito na maabisuhan tungkol sa programang DFA ang mga pasyenteng may mga balanseng lampas na sa dapat bayaran o hindi pa bayad para sa mga serbisyo sa ngipin ng KP. Kasama sa mga makatwirang pagsisikap na magbigay ng abiso ang mga sumusunod:

5.8.2.1 Nakasulat na Abiso ng Mga Hindi Bayad na Singil.

Ang pagbibigay ng nakasulat na abiso sa loob ng 180 araw mula sa unang pagsingil mula sa KP na nagpapaalam sa responsableng partido tungkol sa mga hindi pa bayad na singil para sa mga serbisyo sa ngipin ng KP na available ang DFA para sa mga kwalipikado.

5.8.2.2 Nakasulat na Abiso ng Mga Pagkilos Kaugnay ng Mga Paniningil.

Pagbibigay ng nakasulat na abiso na may listahan ng mga pagkilos kaugnay ng paniningil na gustong simulan ng KFHPNW o ahensyang naniningil ng utang para sa pagbabayad ng mga hindi pa bayad na pagsingil para sa mga serbisyo sa ngipin ng KP, at ang deadline para sa mga naturang pagkilos, na hindi mas maaga kaysa sa 30 araw mula noong matanggap ang nakasulat na abiso.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 13 sa 19

5.8.2.3 Berbal na Abiso.

Pagsubok na berbal na abisuhan ang responsableng partido tungkol sa mga hindi pa bayad na pagsingil para sa mga serbisyo sa ngipin ng KP tungkol sa patakaran ng DFA at kung paano makatanggap ng tulong sa pamamagitan ng proseso ng pag-apply sa DFA.

5.8.2.4 Tukuyin ang Pagiging Kwalipikado sa DFA Kapag Hiniling.

Pagpapasya sa pagiging kwalipikado sa DFA kapag hiniling, bago ilipat ang mga balanseng lampas na sa dapat bayaran o hindi pa bayad para sa mga serbisyo sa ngipin ng KP sa ahensyang naniningil ng utang.

5.8.3 Pagpapasa ng Utang ng Pasyente sa Ahensyang Naniningil ng Utang.

Ang mga hindi pa bayad na pagsingil para sa mga serbisyo sa ngipin ng KP ay maaaring isalang-alang para sa pagsasaayos ng matagal nang hindi nabayarang utang at pagpapasa sa ahensyang naniningil ng utang pagkatapos maganap ang mga aktibong pangongolekta at pag-aabiso at ito ay 180 araw mula noong unang pagsingil.

5.8.3.1 Awtoridad na Ipasa ang Utang ng Pasyente.

Ipinapasa ang utang ng pasyente sa Ahensyang Naniningil ng Utang sa ilalim ng awtoridad ng VP, Central Patient Access at Balance Collections.

5.8.3.2 Pagtatalaga sa Vendor ng Pagkolekta para sa Follow Up.

Ang ilang responsableng partido para sa mga hindi pa bayad na pagsingil para sa mga serbisyo sa ngipin ng KP ay itinalaga sa vendor ng

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 14 sa 19

pagkolekta para sa mga follow-up na aktibidad (hal. pag-validate ng address) bago ituloy ang mga aktibidad ng pagsingil ng utang na matagal nang hindi nababayaran.

5.8.4 Suspindido ang Mga Pagkilos Kaugnay ng Paniningil.

Ang KFHPNW ay hindi nagsasagawa o nagpapahintulot sa mga ahensyang naniningil ng utang na magsagawa sa ngalan nito, ng mga pagkilos kaugnay ng paniningil laban sa isang pasyente kung siya ay:

- May aktibong DFA para sa mga follow-up na serbisyo, o
- Nagpasimula ng application sa DFA pagkatapos masimulan ang mga pagkilos kaugnay ng paniningil. Suspindido ang mga pagkilos kaugnay ng paniningil hanggang sa magkaroon ng pinal na pagpapasya sa pagiging kwalipikado.

5.8.5 Mga Pinapahintulutang Pagkilos Kaugnay ng Paniningil.

5.8.5.1 Pinal na Pagpapasya Kaugnay ng Mga Makatwirang Pagsusumikap.

Bago simulan ang anumang pagkilos kaugnay ng paniningil, tinitiyak ng VP, Patient Access at Balance Management ang sumusunod:

5.8.5.1.1 Mga Makatwirang Pagsusumikap para Abisuhan ang Pasyente.

Nagawa ang mga makatwirang pagsusumikap na maabisuhan ang pasyente tungkol sa programang DFA, at

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 15 sa 19

5.8.5.1.2 Makatwirang Panahon para Mag-apply ang Pasyente.

Nabigyan ang pasyente ng kahit man lang 240 araw pagkatapos ng unang pahayag ng pagsingil upang makapag-apply para sa DFA.

5.8.5.1.3 Pag-uulat sa Mga Ahensya ng Credit ng Mamimili o Mga Credit Bureau.

Ang KFHPNW o ang ahensyang naniningil ng utang na kumikilos sa ngalan nito ay maaaring mag-ulat ng hindi magandang impormasyon sa mga ahensya sa pag-uulat ng credit ng consumer o credit bureau para lang sa pinagsama-samang hindi bayad na pagsingil para sa mga serbisyo sa ngipin ng KP na higit sa \$500.

5.8.6 Mga Ipinagbabawal na Pagkilos Kaugnay ng Paniningil.

Ang KFHPNW ay hindi magsasagawa, papayag, o magpapahintulot sa mga ahensyang naniningil ng utang na magsagawa, ng mga sumusunod na pagkilos sa ilalim ng anumang sitwasyon:

- Ibenta sa third party ang utang ng responsableng partido para sa mga hindi bayad na pagsingil para sa mga serbisyo sa ngipin ng KP.
- Magremata ng ari-arian o sapilitang pagkuha ng mga account.
- Humiling ng mga warrant para sa pag-aresto.
- Humiling ng mga writ of body attachment.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 16 sa 19

- Legal o sibil na pagkilos gaya ng garnishment ng sweldo, maglakip ng indibidwal na bank account o iba pang personal na ari-arian, o mga residential lien.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 17 sa 19

Appendix A – Glossary ng Mga Salita

Ahensyang Naniningil ng Utang

Isang tao o organisasyon na, sa pamamagitan ng direkta o hindi direktang pagkilos, nagsasakatuparan o nagsasagawa ng mga paniningil o pagtatangkang maningil ng pagkakautang, o sinasabing pagkakautang, sa creditor o bumibili ng utang.

Pinansyal na Tulong sa Ngipin (Dental Financial Assistance, DFA)

Pinagsasama ng programang DFA ng KP ang buo at hindi buong programa ng pangkawanggawang pangangalaga / may diskwento para magbigay ng tulong pinansyal sa mga kwalipikadong pasyenteng walang kakayahang bayaran ang lahat o bahagi ng kanilang kinakailangang serbisyo sa ngipin. Kinakailangang matugunan ng mga indibidwal ang mga pamantayan ng programa para sa tulong para mabayaran ang ilan o lahat ng gastos ng pasyente sa pangangalaga.

Kwalipikadong Pasyente

Isang indibidwal na nakakatugon sa mga pamantayan sa pagiging kwalipikado na inilalarawan sa policy na ito, ang pasyente man ay (1) walang insurance; (2) tumatanggap ng coverage sa ngipin sa pamamagitan ng pampublikong programa (hal., Medicaid); (3) may insurance mula sa plano para sa ngipin maliban sa KFHPNW; o (4) sinasakop ng KFHPNW.

Mga Panlabas na Pinagmumulan ng Data

Mga third party na vendor na ginagamit para suriin ang personal na impormasyon ng pasyente para i-asses ang pinansyal na pangangailangan sa pamamagitan ng paggamit ng modelo batay sa mga database ng pampublikong record kung saan ina-assess ang bawat pasyente batay sa mga parehong pamantayan para kalkulahin ang score ng pinansyal na kapasidad ng pasyente.

Mga Pederal na Alituntunin sa Kahirapan (FPG)

Mga antas ng taunang kita para sa kahirapan ayon sa natukoy ng Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyon ng Pantao ng United States at taunang ina-update sa Pederal na Talaan.

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 18 sa 19

Walang Matirhan

Katayuang naglalarawan sa sitwasyon ng pamumuhay ng isang tao, tulad ng inilalarawan sa ibaba:

- Sa mga lugar na hindi inilaan para gawing tirahan ng tao, tulad ng mga kotse, parke, bangketa, inabandonang gusali (sa kalye).
- Sa isang pang-emergency na shelter.
- Sa pansamantala o pansuportang pabahay para sa mga taong walang matirhan na nanggaling sa mga kalye o pang-emergency na shelter.
- Sa alinman sa mga lugar sa itaas pero gumugugol ng maikling panahon (hanggang 30 magkakasunod na araw) sa isang ospital o ibang institusyon.
- Pinapalayas sa loob ng isang linggo mula sa isang pribadong unit ng tirahan o tumatakas mula sa isang sitwasyon ng karahasan sa tahanan na walang matukoy na kasunod na tirahan at ang tao ay kulang ang pinagkukunan at network ng suporta na kailangan para kumuha ng bahay.
- Papalabasin na sa loob ng isang linggo mula sa isang institusyon, tulad ng pasilidad para sa paggamot sa kalusugan ng isip o pang-aabuso sa droga kung saan siya nakatira nang mahigit 30 magkakasunod na araw, at walang matukoy na kasunod na tirahan, at ang tao ay kulang ang mga pampinansyal na mapagkukunan at network ng panlipunang suporta na kailangan para kumuha ng bahay.

KP

Kinabibilangan ng Kaiser Foundation Health Plan of the Northwest, Permanente Dental Association, at kaukulang subsidiary ng mga ito, maliban sa Kaiser Permanente Insurance Company (KPIC).

Mga Kinakailangang Serbisyo sa Ngipin

Kinabibilangan ng pangangalaga, paggamot, o mga serbisyo sa ngipin na iniaatas o ibinibigay ng isang provider para sa ngipin ng KFHPNW na kinakailangan para sa pag-iwas, pagsusuri, diyagnosis, o paggamot sa isang kondisyon sa ngipin, at hindi pangunahing para sa kapakinabangan ng isang pasyente o provider ng pangangalaga

PAMAGAT NG PATAKARAN Dental Financial Assistance	NUMERO NG PATAKARAN NW.CB.002
DEPARTAMENTONG MAY PANANAGUTAN Pangkawanggawang Pangangalaga, Mga Benepisyo sa Komunidad	PETSA NG PAGKAKAROON NG BISA Enero 1, 2026
(MGA) MAY-ARI NG DOKUMENTO President, Kaiser Foundation Health Plan & Hospitals of the Northwest Executive Dental Director & CEO, Permanente Dental Associates	PAHINA 19 sa 19

ng ngipin. Tandaan: Sinasaklaw sa ilalim ng programang Pangmedikal na Tulong Pinansyal (MFA) ng KP ang tulong sa pagbabayad sa gastusin sa pang-emergency at medikal na kinakailangang medikal na serbisyo, mga reseta (kabilang ang mga reseta sa ngipin na isinulat ng mga provider ng KP) at supply ng parmasya.

Gastos ng Pasyente

Ang bahagi ng mga singil na sinisingil sa isang pasyente para sa pangangalagang natanggap sa mga dental office ng KP na hindi nire-reimburse ng insurance o programa para sa pangangalaga ng ngipin na pinopondohan ng publiko.

Hindi Sapat ang Insurance

Isang indibidwal na, sa kabila ng pagkakaroon ng coverage sa ngipin, ay nadaramang isang malaking pinansyal na pasanin ang obligasyong bayaran ang mga premium sa insurance, copayment, coinsurance, at deductible kaya ipinagpapaliban o hindi natatanggap ng pasyente ang mga kinakailangang serbisyo sa ngipin dahil sa mga gastusing babayaran mula sa sariling bulsa.

Walang Insurance

Isang indibidwal na walang insurance sa ngipin o pederal o pang-estadong naka-sponsor na tulong pinansyal para tumulong na magbayad para sa mga kinakailangang serbisyo sa ngipin.